


Arts

Unang Markahan – Modyul 6: Paglikha ng Geometrikong Disenyo



Arts – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 6: Paglikha ng Geometrikong Disenyo
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Miriam M. Bajao
Editor:	Marivic O. Arro, Armando Aguillon, Arcel W. Gacasan, Lynneth Baptista, May H. Zarate
Tagasuri:	Aidena L. Nuesca, Ramon S. Gravino Jr., Menard M. Arenas May N. Padillo, Rolibeth M. Labadia, Marlou B. Tamayo
Tagaguhit:	Milky D. Almorato
Tagalapat:	Alona Ambasan, Christopher U. Gonzales
Tagapamahala:	Allan G. Farnazo Mary Jeanne B. Aldeguer Analiza C. Almazan Ma. Cielo D. Estrada Jeselyn B. dela Cuesta
	Reynante A. Solitario Janwario E. Yamota Djhoane C. Aguilar Maria Perpetua Angelita G. Suelto Reynaldo C. Deocampo

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Arts

Unang Markahan – Modyul 6:
Paglikha ng Geometrikong Disenyo

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay isinulat para sa iyo upang matugunan ang iyong pangangailangan at malinang ang iyong kakayahan sa Arts lalong-lalo na sa paggawa ng geometrikong disenyo.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Nakatutukoy ng iba't ibang katangian ng linya;
2. Nakabubuo ng isang geometrikong disenyo na nagpapakita ng iba't ibang katangian ng linya (**A3PR-If**);
3. Nakapagpapakita ng pagkamalikhain at kakayahan sa paggawa ng geometrikong disenyo; at
4. Nakapagbibigay halaga sa likhang-sining na geometrikong disenyo gamit ang iba't ibang katangian ng linya.



Subukin

Ang mga pigura sa ibaba ay ang mga uri ng linya. Ito ay iyong magagamit sa paggawa ng geometrikong disenyo. Titingnan ko kung naaalala mo pa ba ang mga ito.


Tukuyin ang mga guhit sa Hanay A sa pamamagitan ng pagtatapat-tapat nito sa Hanay B. Isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong sagutang papel.

- | A | B |
|--|----------------|
| 1.  | a. paalun-alon |
| 2.  | b. pahiga |
| 3.  | c. paikid |
| 4.  | d. pahilis |
| 5.  | e. patayo |

Paglikha ng Geometrikong Disenyo

Ang geometrikong disenyo ay isang bahagi ng sining. Ito ay hindi puwedeng mahiwalay sa sining. Nagbibigay ganda ito sa sining at likha.

Sa paglikha ng geometrikong disenyo, dito magagamit ang iba't ibang uri ng linya at hugis. Ang geometrikong disenyo ay walang ibig iparating na kahulugan dahil ito'y iyong sarili, libre, at malayang likha.



Balikan


Natutuhan mo sa dating modyul ang ilusyon sa espasyo. Balikan muna natin ang nakaraang leksiyon. Narito ang iyong pagsubok.

Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ang titik ng iyong napiling sagot sa iyong sagutang papel.


1. Ano ang napapansin mo kapag ang isang bagay ay malapit sa iyong paningin?
 - a. makislap
 - b. madilim
 - c. malaki
 - d. maliit

2. Ano naman ang napansin mo kapag ang isang bagay ay malayo sa iyo?
 - a. makintab
 - b. makinis
 - c. malaki
 - d. maliit


3. Ano ang kahalagahan ng paggamit ng ilusyon sa espasyo para sa mga manlilikha ng sining?
- nagpapakita ng pagkamalikhain
 - nagbibigay diin sa likhang sining
 - magiging makulay ang likhang sining
 - nagpapakita ng distansiya, lalim, at malawak na espasyo
4. Ito'y nagsasabi ng kaugnayan ng bagay at tao tungkol sa layo o distansiya.
- hugis
 - distansiya
 - harmonya
 - ilusyon sa espasyo
5. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng ilusyon sa espasyo?




a.



b.



c.




d.




Tuklasin

Ang linya ay isa sa mga elemento ng sining. Ito ay itinuturing na pinakasimpleng paglikha ng biswal na sining. May dalawang uri ng linya. Ito ay ang linyang tuwid at linyang pakurba.


Mga Linyang Tuwid



patayo



pahiga




pahilis




pasigsag


Mga Linyang Pakurba



pabalantok



paikid



paalun-alon




Sa paggamit ng linya ay marami kang magagawa o mabubuo na sining kagaya ng geometrikong disenyo.



Suriin

Sa bahaging ito, aalamin ko kung naalala mo pa ba ang iba't ibang hugis. Tingnan ang ilustrasyon ng mga linya sa ibaba.


Buoin ang sumusunod na mga linya sa bawat bilang upang makabuo o makagawa ng isang hugis. Iguhit sa iyong sagutang papel ang bagong hugis na nabuo.





Pagyamanin

Tingnan ang larawan ng isang geometrikong disenyo at sagutin ang sumusunod na mga tanong. Isulat ito sa iyong sagutang papel.



1. Ang larawan ba ay nagpapakita ng iba't ibang uri ng linya?
2. Ano-anong uri ng linya ang nasa larawan?
3. Ang larawan ba ay nagpapakita ng maraming hugis?
4. Ano ang ibig sabihin ng pagkakaiba-iba ng mga linya?
5. Paano mo gagawin ang isang disenyo?



Isaisip

Ang isang **artist** ay puwedeng makagagawa ng makahulugang mga disenyo sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang uri ng linya at hugis. Ito'y isang kasiya-siyang gawain dahil malaya o libre mo itong gawin at wala itong ibig iparating na kahulugan.



Isagawa

Panuto: Tukuyin at iguhit ang tamang uri ng linya sa sumusunod na salita. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. kidlat
2. alon
3. ulan
4. bahaghari
5. poste



Tayahin

Panuto: Gumuhit ng isang disenyo gamit ang mga uri ng linya. Bigyan ng puntos ang iyong likhang sining base sa rubrik sa susunod na pahina. Isulat ang 3 kung ito ay Napakahusay, 2 kung Mahusay o 1 kung Kailangang Paunlarin. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Rubrik sa Likhang Sining

Pamantayan	Napakahusay 3	Mahusay 2	Kailangang Paunlarin 1
1. Nakagawa ng isang disenyo.			
2. Naipamalas ang pagkamalikhain			
3. Naisagawa sa takdang panahon ang likhang-disenyo.			
4. Sinikap maging malinis at maayos ang gawa.			
5. Pinanatiling malinis ang kapaligiran habang gumagawa.			



Karagdagang Gawain

Gumawa ng isang iskrapbok.

Maghanap ng mga larawan na may geometrikong disenyo mula sa lumang magasin o diyaryo.

Gupitin ang mga ito at idikit sa **bond paper**. Tukuyin ang mga uri ng linya na makikita sa bawat larawan.

Sumulat ng dalawang pangungusap ukol sa iyong ginawa.



Susi sa Pagwawasto

<p style="text-align: right;">Tuklasin</p> <p>1. 2. 3. 4. 5.</p>	<p style="text-align: center;">Balikin</p> <p>1. C 2. D 3. D 4. D 5. B</p> <p style="text-align: center;">Isagawa</p> <p>1. pasigsag 2. palun-alon 3. patayo 4. pabalantok 5. patayo</p>	<p style="text-align: center;">Subukin</p> <p>1. B 2. E 3. D 4. C 5. A</p>
--	--	---

Sanggunian

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ., Montañez, Cynthia T. 2014, 2016, 2017 *Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng Mag-aaral Sinugbuanong Binisaya*, Department of Education- Bureau of Learning Resource (DepEd-BLR), Book Media Press, Inc. , 21 E. Boni Serrano Ave., Quezon City

Amit, Adolfo S. , Canor, Larry, Castro, Benjamin M. , Nelson Lasagas, Nelson, Ledesma, VI-Cherry C. ., Montañez, Cynthia T. , 2015, *Music, Art, PE and Health 3 Teacher's Guide*, Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS), Rex Bookstore, Inc.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex

Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph